

AUTORISASYON PARA SA PAGBABALIK NG BAYAD PARA SA INTERIM ASSISTANCE [PANSAMANTALANG TULONG] UNANG CLAIM O KASO PAGKATAPOS NA MAGING KARAPAT-DAPAT

PANGALAN	SOCIAL SECURITY NUMBER	
ADDRESS	LUNGSOD/BAYAN	ZIP CODE
AHENSYA NG COUNTY PARA SA IA		GR CODE

Para sa layunin nitong Form para sa Autorisasyon:

Ang kahulugan ng terminong “Estado” ay ang (mga) ahensya ng county ng California na nangangasiwa ng interim assistance (IA) [pansamantalang tulong] na may kasunduan sa California Department of Social Services [Kagawaran ng Lingkurang Panlipunan ng California] ukol sa pagbabalik ng bayad para sa pansamantalang tulong at na nagbayad sa inyo ng tulong na pambayan.

Ang kahulugan ng terminong “mga benepisyo ng SSI/SSP” ay mga benepisyo ng “Supplemental Security Income/State Supplementary Payment” ayon sa Titulo XVI ng Social Security Act [Batas Ukol sa Social Security].

Anu-anong mga aksyon ang inau-autorisa ko kapag pinirmahan ko itong autorisasyon at minarkahan ko ng tsek ang kwadrado para sa “Unang Claim Lamang”?

☐ **Unang Claim Lamang**

Inau-autorisa ninyo ang Komisyoner ng Social Security Administration (SSA) na ibalik sa Estado ang bahagi o lahat ng pera na ibibigay sa inyo ng Estado habang nagdedesisyon ang SSA kung karapat-dapat kayong tumanggap ng mga benepisyo ng SSI/SSP. Kung maging karapat-dapat kayo, babayaran ng SSA ang Estado mula sa mga retroaktibong benepisyo ng SSI/SSP na dapat bayaran sa inyo. Ang panahon na saklaw ng ibabalik na bayad ay simula sa unang buwan na karapat-dapat kayong tumanggap ng mga benepisyo ng SSI/SSP hanggang sa unang buwan na mag-umpisa ang inyong buwanang benepisyo ng SSI/SSP.

Kung hindi mapahinto ng Estado ang huling bayad sa inyo, maaaring ibalik ng SSA sa Estado ang halaga para sa karagdagang bayad na ito.

Anu-anong mga aksyon ang inau-autorisa ko kapag pinirmahan ko itong autorisasyon at minarkahan ko ng tsek ang kwadrado para sa “Kaso Pagkatapos na Maging Karapat-dapat Lamang”?

☐ **Kaso Pagkatapos na Maging Karapat-dapat Lamang**

Inau-autorisa ninyo ang Komisyoner ng Social Security Administration (SSA) na ibalik sa Estado ang bahagi o lahat ng pera na ibibigay sa inyo ng Estado habang nagdedesisyon ang SSA kung maaaring simulan muli ang inyong mga benepisyo ng SSI/SSP pagkatapos na hininto o sinuspinde. Kung sisimulan muli ang inyong mga benepisyo ng SSI/SSP, babayaran ng SSA ang Estado mula sa mga retroaktibong benepisyo ng SSI/SSP na dapat bayaran sa inyo. Ang panahon na saklaw ng ibabalik na bayad ay simula sa araw ng buwan na magkabisa ang muling pagsisimula hanggang sa unang buwan na muling mag-umpisa ang inyong buwanang benepisyo ng SSI/SSP.

Kung hindi mapahinto ng Estado ang huling bayad sa inyo, maaaring ibalik ng SSA sa Estado ang halaga para sa karagdagang bayad na ito.

Paano magagamit ng Estado itong form samantalang ang mga kwadrado para sa mga unang claim at para sa mga kaso pagkatapos na maging karapat-dapat ay bahagi ng form?

Maaaring gamitin ng Estado itong form para lamang sa isang sitwasyon ng kaso sa bawat panahon, unang claim o kaya’y kaso pagkatapos na maging karapat-dapat. Kung minarkahan ng tsek ang parehong kwadrado, hindi balido ang form. Kailangang pirmahan at petsahan ninyo at ng Estado ang bagong form na iisang kwadrado lamang ang may marka ng tsek.

Anong uri ng bayad ng Estado ang nararapat na ibalik ng SSA?

Maaaring ibalik ng SSA sa Estado ang bayad na nanggaling lamang sa mga pondong lokal o ng Estado. Hindi maaaring ibalik sa Estado ang mga bayad na nanggaling nang ganap o nang bahagya sa mga pondong Pederal.

Paano nagdedesisyon ang SSA kung anong halaga ng aking pera mula sa SSI/SSP ang ibabayad sa Estado?

Dalawang bagay ang isinasalang-alang ng SSA sa pagdedesisyon kung magkano ang ibabayad. Una, tinitingnan ng SSA ang halaga ng perang hinahabol ng Estado, at pangalawa, tinitingnan ng SSA ang halaga ng inyong retroaktibong pera mula sa SSI/SSP na maaaring magamit para mabayaran ang Estado. Maaaring ibalik ng SSA sa Estado ang ibinayad sa isang buwan sa panahon lamang na tumanggap kayo ng bayad ng Estado at ng bayad ng SSI/SSP para sa parehong buwan. Hindi babayaran ng SSA ang Estado ng mas malaking halaga kaysa sa pera ninyo para sa retroaktibong panahon ng SSI/SSP.

Gaanong katagal may-bisa itong autorisasyon para sa Estado at para sa akin kung minarkahan ko ng tsek ang kwadrado para sa “Unang Claim Lamang”?

Labingdalawang (12) buwan may-bisa itong autorisasyon para sa inyo at para sa Estado. Nagsisimula ang 12 buwan sa petsa na matanggap ng SSA ang autorisasyon mula sa Estado at nagwawakas pagkalipas ng 12 buwan. Gayunpaman, para sa isang Estadong gumagamit ng sistemang electronic, nagsisimula ang 12 buwan sa petsa na ipinaalam ng Estado sa SSA sa pamamagitan ng sistemang electronic na natanggap na ng Estado ang autorisasyon at nagwawakas pagkalipas ng 12 buwan. Kailangang pirmahan at petsahan ninyo at ng kinatawan ng Estado ang autorisasyon para maging balido ang autorisasyon.

May mga eksempsyong maaaring pairalin sa tuntuning ito. Kailangang ipadala ng Estado sa SSA ang autorisasyon sa loob ng tiyak na takdang panahon. Kailangang matanggap ng SSA ang form sa loob ng 30 araw ayon sa kalendaryo mula sa petsa na pinirmahan ninyo ang autorisasyon. Kung mahuli ang form, hindi tatanggapin ng SSA ang form bilang balidong autorisasyon. Para sa Estadong gumagamit ng sistemang electronic, kailangang matanggap ng SSA ang impormasyon ng autorisasyon sa loob ng 30 araw ayon sa kalendaryo mula nang pag-ugmain ng estado ang record ninyo sa SSI at ang record ninyo sa estado. Kung mahuli ang impormasyon, hindi tatanggapin ng SSA ang impormasyong ipinadala ng Estado. Hindi babayaran ng SSA sa Estado ang anuman sa mga retroaktibong benepisyo ninyo para sa SSI/SSP. Ipadadala sa inyo ng SSA ang anumang pera ng SSI/SSP na maaaring dapat bayaran sa inyo, batay sa mga tuntunin ng SSA tungkol sa mga regular na bayad.

Maaari bang manatiling may-bisa ang autorisasyon na mahigit sa takdang panahon na 12-buwan? Maaari bang mawalan ng bisa ang autorisasyon bago o pagkatapos na magwakas ang takdang panahon na 12-buwan?

Maaaring manatiling may-bisa ang autorisasyon na mas matagal kaysa sa takdang panahon na 12-buwan kung kayo ay

- mag-apply para sa mga benepisyo ng SSI/SSP bago matanggap ng Estado ang form para sa autorisasyon, o
- mag-apply sa loob ng takdang panahon na 12-buwan na may-bisa ang autorisasyon, o
- mag-file ng balidong apela sa desisyon ng SSA sa inyong unang claim.

Maaaring magwakas ang panahon ng autorisasyon bago lumipas ang takdang panahon na 12-buwan, o magwakas pagkatapos lumipas ang takdang panahon na 12-buwan kapag maganap ang alinman sa mga aksyong ito:

- binayaran ng SSA ang unang bayad ng SSI/SSP sa unang claim ninyo; o
- nagdesisyon nang pinal ang SSA tungkol inyong claim; o
- kayo at ang Estado ay nagkasundo sa pagpapawalang-bisa sa autorisasyong ito.

Magwawakas ang panahon ng autorisasyon sa araw ng buwan kung kailan maganap ang alinman sa mga aksyong ito.

Gaanong katagal may-bisa itong autorisasyon para sa Estado at para sa akin kung markahan ko ng tsek ang kwadrado para sa "Kaso Pagkatapos na Maging Karapat-dapat Lamang"?

Labingdalawang (12) buwan may-bisa itong autorisasyon para sa inyo at para sa Estado. Nagsisimula ang 12 buwan sa petsa na matanggap ng SSA ang autorisasyon mula sa Estado at nagwawakas pagkalipas ng 12 buwan. Gayunpaman, para sa isang Estadong gumagamit ng sistemang electronic, nagsisimula ang 12 buwan sa petsa kung kailan ipaalam ng Estado sa SSA sa pamamagitan ng sistemang electronic na natanggap na ng Estado ang autorisasyon at nagwawakas pagkalipas ng 12 buwan. Kailangang pirmahan at petsahan ninyo at ng kinatawan ng Estado ang autorisasyon para maging balido ang autorisasyon.

May mga eksempsyong maaaring pairalin sa tuntuning ito. Kailangang ipadala ng Estado sa SSA ang autorisasyon sa loob ng tiyak na takdang panahon. Kailangang matanggap ng SSA ang form sa loob ng 30 araw ayon sa kalendaryo mula sa petsa na pinirmahan ninyo ang autorisasyon. Kung mahuli ang form, hindi tatanggapin ng SSA ang form bilang isang balidong autorisasyon. Para sa isang Estadong gumagamit ng sistemang electronic, kailangang matanggap ng SSA ang impormasyon ng autorisasyon sa loob ng 30 araw ayon sa kalendaryo mula nang pag-ugmain ng estado ang record ninyo sa SSI at ang record ninyo sa estado. Kung mahuli ang impormasyon, hindi tatanggapin ng SSA ang impormasyong ipinadala ng Estado. Hindi babayaran ng SSA sa Estado ang anuman sa mga retroaktibong benepisyo ninyo para sa SSI/SSP. Ipadadala sa inyo ng SSA ang anumang pera ng SSI/SSP na maaaring dapat bayaran sa inyo, batay sa mga tuntunin ng SSA tungkol sa mga regular na bayad.

Maaari bang manatiling may-bisa ang autorisasyon na mahigit sa takdang panahon na 12-buwan? Maaari bang mawalan ng bisa ang autorisasyon bago o pagkatapos na magwakas ang takdang panahon na 12-buwan?

Maaaring manatiling may-bisa ang autorisasyon na mas matagal kaysa sa takdang panahon na 12-buwan kung mag-file kayo ng balidong apela. Kailangang i-file ninyo ang inyong apela sa loob ng takdang panahon na iniuutos ng SSA.

Maaaring magwakas ang panahon ng autorisasyon bago lumipas ang takdang panahon na 12-buwan, o maaaring magwakas pagkatapos lumipas ang takdang panahon na 12-buwan kapag maganap ang alinman sa mga aksyong ito:

- binayaran ng SSA ang unang bayad ng SSI/SSP sa inyong kaso pagkatapos na maging karapat-dapat pagkaraan ng panahon ng pagkakasuspende o pagkakahinto; o
- nagdesisyon nang pinal ang SSA tungkol inyong apela; o
- kayo at ang Estado ay nagkasundo sa pagpapawalang-bisa sa autorisasyong ito.

Magwawakas ang panahon ng autorisasyon sa araw ng buwan kung kailan maganap ang alinman sa mga aksyong ito.

Maaari bang gamitin ng SSA itong form para sa autorisasyon para pangalagaan ang aking petsa ng pagfa-file para sa mga benepisyo ng SSI/SSP?

Maaaring gamitin ng SSA ang form na ito para pangalagaan ang inyong petsa ng pagfa-file kung minarkahan ninyo ng tsek ang kwadrado para sa "Unang Claim Lamang". Kapag pinirmahan ninyo itong form, ipinapahayag ninyo na mayroon kayong intensyong mag-file para sa mga benepisyo ng SSI/SSP kung hindi pa kayo nakapag-apply para sa mga benepisyo.

Mayroon kayong animnapung (60) araw mula sa petsa kung kailan matanggap ng Estado itong form para mag-file para sa mga benepisyo ng SSI/SSP. Ang inyong pagiging karapat-dapat na tumanggap ng mga benepisyo ng SSI/SSP ay maaaring kasing aga ng petsa na pinirmahan ninyo itong autorisasyon kung mag-file kayo sa loob ng takdang panahon na 60-araw. Kung mag-file kayo para sa mga benepisyo ng SSI/SSP pagkaraan ng takdang panahon na 60-araw, hindi mapangangalagaan nitong form ang inyong petsa ng pagfa-file. Ang inyong petsa ng pagfa-file ay magiging mas huli kaysa sa petsa na pinirmahan ninyo itong form.

Paano ko iaapela ang desisyon ng Estado kung hindi ako sang-ayon sa desisyon?

Maaari kayong hindi sumang-ayon sa isang desisyong ginawa ng Estado sa panahon ng proseso ng pagbabalik ng bayad. Tatanggap kayo ng notisya ng Estado na nagpapaliwanag sa inyo kung paano iaapela ang desisyon. Hindi kayo maaaring umapela sa SSA kung hindi kayo sang-ayon sa anumang desisyon ng Estado.

Sa loob ng 10 araw na may trabaho pagkatapos matanggap ng Estado ang pera para sa pagbabalik ng bayad mula sa SSA, kailangang padalhan kayo ng Estado ng notisya. Tatlong bagay ang ipagbibigay-alam sa inyo ng notisya: (1) ang halaga ng mga bayad na binayaran sa inyo ng Estado; (2) na padadalhan kayo ng SSA ng sulat na nagpapaliwanag kung paano babayaran ng SSA ang natitirang pera ng SSI/SSP (kung mayroon man) na dapat bayaran sa inyo, at (3) tungkol sa karapatan ninyo sa isang pagdinig ng Estado, pati na rin kung paano hilingin ang pagdinig ng Estado.

PIRMA NG TAONG TUMATANGGAP NG INTERIM ASSISTANCE	PETSA
PIRMA NG KINATAWAN NG ESTADO	PETSA

Kung isang marka ang ipirma ng aplikante sa aplikasyon na ito, ang pirma ay kailangang masaksihan ng dalawang taong magbibigay ng kanilang pirma, address, at petsa kung kailan sila pumirma sa ibaba.

NASAKSIHAN NI:			NASAKSIHAN NI:		
ADDRESS (#, KALYE):			ADDRESS (#, KALYE):		
LUNGSOD	ESTADO	ZIP	LUNGSOD	ESTADO	ZIP